

Maligayang pagdating sa Solano County Behavioral Health!

Ang isang mahalagang bahagi ng pagsisimula ng mga serbisyo ay ang pag-unawa sa proseso. Mangyaring basahin ang sumusunod na impormasyon upang makapagdesisyon ka ng may lubos na kaaalaman tungkol sa kung ano ang iyong pinahihintulutan para sa mga serbisyo ng paggamot. Mangyaring talakayin ang anumang mga tanong mo sa iyong provider ng paggamot.

Ang mga form na ito ay matatagpuan sa:

https://www.solanocounty.com/depts/bh/access_to_services/default.asp

Pahintulot para sa Mga Serbisyon Pang-Behavioral Health

Sumasang-ayon ako na boluntaryong tumanggap ng clinical outpatient na paggagamot na ibinibigay ng Solano County Behavioral Health. Nauunawaan ko na ang mga serbisyon pang-behavioral health na ibinibigay ng Solano County ay maaaring kabilangan, ngunit maaaring hindi limitado sa, ebalwasyon, indibidwal na psychotherapy, therapy ng grupo, psycho-educational na grupo, pamamahala ng kaso, suporta sa mga kasamahan, mga serbisyo sa rehabilitasyon, at pamamahala ng gamot. Ang uri at abot ng mga serbisyon maaaring matanggap ko ay pagpapasyahan pagkatapos ng paunang ebalwasyon at mga pakikipagtalakayan sa aking (mga) provider o tagapagkaloob ng paggagamot.

Nauunawaan kong sa pamamagitan ng pagbibigay pahintulot sa paggamot, ang aking personal na impormasyon sa kalusugan ay maaaring maibigay sa iba sa limitadong paraan para sa mga layunin lamang ng paggagamot, pagbabayad at pagpapatakbo sa pangangalagang pagkalusugan, o kaya ay may pahintulot ng batas. Nauunawaan kong dapat magbahagi ang aking (mga) provider ng paggagamot ng limitadong kumpidensyal na impormasyon sa mga sumusunod na kalagayan:

- Kung ang provider ng paggagamot ay may mabuting dahilan upang maniwalang maaari kong saktan ang ibang tao o ang aking sarili.
- Kung ang provider ng paggagamot ay may mabuting dahilan upang maniwalang ang isang bata ay pisikal o sekswal na inaabuso o pinababayaan.
- Kung ang provider ng paggagamot ay may mabuting dahilan upang maniwalang ang isang nakakatanda (65 taong gulang o mas matanda pa) o nakadependeng matanda (18-64 taong gulang na may mga limitasyon sa pangangatawan o pag-iisip na nagdudulot ng restriksyon sa kanyang kakayahan) ay inaabuso sa pisikal o pinansyal na paraan, pinababayaan, inaabandona, o iba pang pagtratong nagreresulta sa pinsala sa pangangatawan, pananakit, o pagdurusa ng pag-iisip.
- Katulad ng iniaatas sa ibang paraan ng batas gaya ng nakabalangkas sa Notice of Privacy Practices (NPP, Abiso ng mga Gawain sa Pagkapribado), ang kopya nito ay ibinigay sa akin.

Ang aking impormasyon ay protektado sa ilalim ng batas ng California at ang mga probisyon ng Federal Health Insurance Portability and Accountability Act (HIPAA). Ang lahat ng makikilalang mga larawan o impormasyon tungkol sa akin na ipinalaganap (hal. fax, email, mail, hard-copy) ng Solano County Behavioral Health ay kumpidensyal.

Nauunawaan ko na ang Solano County Behavioral Health Services ay isang lugar sa pagkatuto, at dahil dito, ang mga serbisyo ay ibinibigay ng isang hanay ng iba't ibang propesyonal sa behavioral health. Halimbawa, ang ilan sa mga tagapagbigay ng paggagamot na ito ay maaaring nasa

pagsasanay (hal. mga mag-aaral, intern) at ang ilang mga tagapagbigay ng paggagamot ay maaaring walang lisensya. Ang lahat ng hindi pa lisensyadong propesyonal at ang mga nagsasanay pa ay pinangangasiwaan ng mga lisensyadong propesyonal. Nauunawaan ko na may karapatan akong humiling—para sa anumang dahilan (hal. pagkapribado, kaginhawahan, kagustuhan) sa anumang oras—na ang mga trainee ay hindi masangkot sa bahagi ng o lahat ng aking paggagamot.

Nauunawaan ko na ang paggagamot (psychotherapy, gamot, atbp.) ay boluntaryo (maliban kung iniutos ng hukuman) at habang ang paggagamot ay maaaring magbigay ng mga benepisyo, ang mga panganib ay isang posibilidad din. Maaaring maging kabilang sa mga benepisyo ng paggagamot ang kumpleto o malaking paghupa ng mga sintomas at/o pagpapabuti sa pagganap sa pakikisalamuha, interpersonal, sa trabaho, o sa pag-aaral. Ang Therapy ay madalas na humahantong sa mas mahusay na mga relasyon, mga solusyon sa mga partikular na problema at makabuluhang pagbawas sa mga damdamin ng pagkabalisa. Ang mga panganib na nauugnay sa hindi sumasailalim sa paggagamot ay maaaring magsama ng karagdang paglala ng mga sintomas at/o pansamantalang pagbaba ng pagganap sa panlipunan, interpersonal, trabaho, o pang-edukasyon. Dahil ang therapy ay madalas na may kasamang pagtalakay sa mga hindi kasiya-siyang aspeto ng buhay, nauunawaan kong maaari akong makaranas ng hindi komportable na mga damdamin tulad ng kalungkutan, pakiramdam na may pagkakasala, galit, pagkabigo, pagkalumbay at kawalan ng kakayahan, ngunit walang mga garantiya kung ano ang aking mararanasan.

Sa pamamagitan ng paglagda at paglagay ng aking inisyal sa nauugnay na form ng Kasunduan sa Pahintulot, sumasang-ayon akong lumahok sa naaangkop na mga serbisyo sa paggamot na ibinibigay ng Solano County Behavioral Health. May karapatan akong tumanggap makibahagi sa paggagamot at maaari kong bawiin ang aking pahintulot at tumigil sa pakikibahagi sa paggagamot sa anumang oras. Kung mayroon akong mga katanungan tungkol sa form ng pahintulot na ito o tungkol sa mga inaalok na serbisyo, maaari kong talakayin ang mga ito sa aking (mga) provider ng paggagamot. May kakayanan akong tumugon nang may kaalaman at karunungan sa mga tanong tungkol sa aking paggagamot at makibahagi sa mga pagpapasya tungkol sa paggagamot na iyon. Nabasa ko at lubos kong naunawaan ang nasa itaas at nagkaroon ako ng pagkakataong magtanong ng anumang mga katanungan at nasagot ang aking mga katanungan.

Pahintulot para sa mga Serbisyon Telehealth

Sumasang-ayon akong boluntaryong tumanggap ng clinical telehealth na paggagamot (klinikal na paggagamot sa pamamagitan ng magkasabay na audio/video o telepono) na ibinigay ng Solano County Behavioral Health. Ang teknolohiyang ginagamit namin ay ligtas. Ang mga elektronikong sistemang ginagamit ay magsasama ng mga network at mga software protocol upang protektahan ang pagiging kumpidensyal ng pagkakakilanlan ng pasyente at imaging data at kabibilangan ng mga hakbang para sa pananggalang ng data upang matiyak ang integridad nito laban sa sadya o hindi sadyang korapsyon. (Kodigo sa Negosyo at Propesyon. 2290.5. Kodigo sa Kaligtasan at Kalusugan 123149.5)

Kapag ginagamit ang mga serbisyon telehealth, inaasahang parehong ang provider at ikaw ay:

- Nasa isang pribadong espasyo para hindi marinig at upang mapanatili ang pagiging kumpidensyal.
- Huwag i-record o kuhanan ang anumang bahagi ng telehealth meeting.

- Hindi gumagawa o tumatanggap ng anumang iba pang komunikasyon sa iyong telepono sa oras ng pagpupulong na telehealth (hal. mga tawag sa telepono, text, email, social media).
- Ang lahat ng provider na nakikibahagi sa pagsasagawa ng therapy sa kasal at pamilya, pang-edukasyon na psychology, klinikal na gawaing panlipunan, o propesyonal na klinikal na pagpapayo sa pamamagitan ng telehealth ay magbibigay sa pasyente ng kanyang lisensya o numero ng pagpaparehistro at ang uri ng lisensya o pagpaparehistro sa pagsisimula ng serbisyo ng telehealth.
- Sa pagsisimula ng serbisyo sa telehealth, ang provider ay magtatanong at magdodokumento ng mga makatwirang pagsisikap upang matukoy ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng mga nauugnay na resources kabilang ang mga serbisyong pang-emergency, sa heyograpikong lugar ng pasyente.
- Sa bawat pagkakataon na ibinibigay ang mga serbisyo ng telehealth, ang provider ay pasalitang kukuha mula sa kliyente at idodokumento ang buong pangalan ng kliyente at address ng kasalukuyang lokasyon, sa simula ng bawat sesyon ng telehealth; at susuriin kung ang kliyente ay angkop para sa telehealth, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, pagsasaalang-alang sa psychosocial na sitwasyon ng kliyente.

Mga Benepisyo:

- Makatanggap ng mga serbisyo sa sarili mong pribadong espasyo
- Pag-alis ng pangangailangan sa transportasyon
- Kaginhawaan upang ma-access ang mga serbisyo sa behavioral health
- Pag-access sa iba't ibang uri ng mga provider
- Pagbabawas ng panganib na makipag-ugnayan sa iba na maaaring may nakakahawang sakit

Mga Panganib:

- Kung mahina ang koneksyon sa internet o programa, maaaring maging mas mahirap para sa provider na maunawaan o masuri kung ano ang nangyayari sa panahon ng pagpupulong
- Ang Telehealth sa pamamagitan ng audio lamang ay maaaring hindi magbigay ng pinakmainam na paraan ng paggagamot at pakikipag-ugnayan
- Mga pagkaantala sa paggagamot o pagsusuri dahil sa kakulangan o hindi paggana ng kagamitan
- Sa mga madalang na pagkakataon, maaaring hindi gumana ang mga protokol sa seguridad, na nagdudulot ng paglabag sa pagkapribado ng impormasyon sa personal na kalusugan
- Ang mga limitasyon kapag sinusubukang magbigay o makipagpalitan ng mga nakasulat na materyales
- Maaaring kailanganin pa rin ang pisikal na pagsusuri pagkatapos ng appointment sa telehealth.

Nauunawaan ko at sumasang-ayon ako sa mga sumusunod:

1. Pahihintulutan ko ang provider na malaman ang aking lokasyon sa simula ng pagpupulong na telehealth. Nauunawaan ko na dapat ay nasa estado ako ng California.
2. Nauunawaan ko na ang mga batas na nagbibigay proteksyon sa aking pagkapribado at sa pagiging kumpidensyal ng impormasyon sa personal na kalusugan ay naaangkop din sa telehealth, at ang impormasyong iyon na nakukuha sa paggamit ng telehealth ay hindi maisisiwalat nang wala ang aking pahintulot. Hindi kabilang dito ang nasuri nang mga

pagbubukod sa pagiging kumpidensyal (hal. panganib sa sarili o sa iba, pinaghihinalaang pang-aabuso).

3. Nauunawaan ko na ang iba't ibang alternatibong pamamaraan ng kalusugan ng pag-iisip at/o pangangalaga psychiatric ay maaari kong makuha, at maaari akong pumili ng isa o higit pa sa mga ito sa anumang oras.
4. Nauunawaan kong maaari akong umasa sa mga kapakinabangan sa paggamit ng telehealth sa aking paggagamot, ngunit walang mga resulta ang maaaring magarantiya o matiyak.
5. May karapatan akong ma-access ang mga sakop na serbisyo na maaaring maihatid sa pamamagitan ng telehealth sa pamamagitan ng personal, harapang pagbisita.
6. Nauunawaan ko na ang paggamit ng telehealth ay boluntaryo at ang pahintulot para sa paggamit ng telehealth ay maaaring bawiin anumang oras nang hindi naapektuhan ang aking kakayahang ma-access ang mga sakop na serbisyo ng Medi-Cal sa hinaharap.
7. Nauunawaan ko na mayroong mga serbisyo ng transportasyon na saklaw ng Medi-Cal para sa mga personal na pagbisita kapag ang ibang mga magagamit na mapagkukunan ay makatuwirang naubos o nagmait na.
8. Ang lahat ng impormasyong medikal na ipinadala sa panahon ng paghahatid ng pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng telemedicine ay nagiging bahagi ng rekord na medikal ng pasyente na pinapanatili ng lisensyadong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Pahintulot para sa Email at/o Text

Kung gagamitin ang email o pag-text para sa mga katanggap-tanggap na komunikasyon gaya ng telehealth, mga paalala sa appointment, edukasyon ng kliyente, at mga mapagkukunan sa komunidad, dapat magbigay ng pahintulot ang mga kliyente. **Dahil sa hindi secure o walang kasiguraduhan na kalikasan ng mga email/text na komunikasyon, lilimitahan ng Solano County Behavioral Health ang klinikal/medikal na impormasyon ng kliyente o klinikal/medikal na payo sa pinakamababang kinakailangan kapag nakikipag-usap sa iyo.**

Mga Panganib:

- Maaaring ipalaganap, ipasa, at iimbak ang email/text sa maraming papel at electronic na file.
- Maaaring ma-broadcast kaagad sa buong mundo ang email/text at matanggap ng mga hindi sinasadyang tatanggap.
- Ang mga nagpapadala ng email/text ay madaling magkamali sa address ng email o text.
- Ang email/text ay mas madaling palsipikahin kaysa sa sulat-kamay o nilagdaang mga dokumento.
- Maaaring umiral ang mga backup na kopya ng email/text kahit na pagkatapos na tanggalin ng nagpadala o ng tatanggap ang kanyang kopya.
- Ang mga Employer at on-line na serbisyo ay may karapatan na i-archive at suriin ang mga email/text na ipinadala sa pamamagitan ng kanilang mga system.
- Ang email/text ay maaaring maharag, baguhin, ipasa, o gamitin nang walang pahintulot o hindi nalaman.
- Maaaring gamitin ang email/text para ipasok ang mga virus sa mga computer system.

Mga Kundisyon para sa Paggamit ng Email at/o Text

Ang Solano County Behavioral Health ay gagamit ng mga makatuwirang paraan upang protektahan ang seguridad at pagiging kumpidensyal ng impormasyon sa email na ipinadala at natanggap sa pamamagitan ng pag-encrypt ng impormasyon. Gayunpaman, dahil sa mga panganib na nakabalangkas sa itaas, hindi magagarantiya ng Solano County Behavioral Health ang seguridad ang pagiging kumpidensyal ng email o text na komunikasyon. Kung gustong gamitin ang paraan ng komunikasyong ito, dapat pumayag ang mga kliyente sa paggamit ng email o text para sa mga komunikasyon ng kliyente. Kasama sa pahintulot sa paggamit ng email o text ang kasunduan sa mga sumusunod:

1. Ang lahat ng mga email o mga text papunta o mula sa iyo ay ipi-print at gagawing bahagi ng medikal na record. Ang mga indibidwal na pinahintulutan ng batas na i-access ang medikal na record ay maaaring mag-review sa mga email o text na iyon.
2. Ang Solano County Behavioral Health ay magsisikap na basahin at tumugon sa mga email o text na komunikasyon mula sa iyo sa loob ng makatuwirang tagal ng panahon, ngunit hindi magagarantiya ng Solano County Behavioral Health na ang anumang partikular na email o text ay mababasa at tutugunan sa loob ng anumang partikular na yugto ng panahon. **Huwag gumamit ng email o text para sa mga medikal na emerhensiya, mga agarang problema, o iba pang mga bagay na sensitibo sa oras.**
3. Kung kailangan mo ng pagtugon mula sa Solano County Behavioral Health at hindi nakatanggap ng tugon sa loob ng makatuwirang panahon, responsibilidad mong mag-follow up upang matukoy kung natanggap ng hinahangad na tatanggap ang email o text at kung kailan tutugon ang tatanggap.
4. Hindi ka dapat gumamit ng email o text para sa komunikasyon tungkol sa sensitibong medikal na impormasyon, tulad ng impormasyon tungkol sa mga sakit na nakukuha sa pakikipagtalik, AIDS/HIV, diagnosis at mga plano sa paggamot sa kalusugan ng isip, kapansanan sa pag-unlad, o pag-abuso sa droga/alkohol. Kung pipiliin mong ipaalam ang naturang sensitibong impormasyon sa pamamagitan ng email o text, mangyaring magkaroon ng kamalayan sa mga panganib na tinukoy sa itaas.
5. Responsibilidad mong mag-follow up at/o mag-schedule ng appointment kung kinakailangan.

Mga Kahaliling Uri ng Komunikasyon

Maaari ka ring makipag-ugnayan sa Solano County Behavioral Health sa pamamagitan ng telepono o sa isang naka-schedule na appointment. Ang mga appointment ay dapat gawin upang talakayin ang anumang mga bagong isyu pati na rin ang anumang sensitibong medikal na impormasyon.

Pagtatapos ng Relasyon sa Email at/o Text

Parehong ikaw at ang Solano County Behavioral Health ay may karapatan na agad na wakasan ang email o text na relasyon kung natukoy na mayroong paglabag sa mga tuntunin at kundisyon na itinakda sa itaas, o kung hindi mo na gustong lumahok sa email o text na mga komunikasyon. Ang email/text na relasyon sa pagitan ng Solano County Behavioral Health at ikaw ay magwawakas sa kaganapan kung saan ang Solano County Behavioral Health ay hindi na gustong gumamit ng email o text para makipag-ugnayan sa ganoong paraan.

Mangyaring kumpletuhin ang form na "Kasunduan sa Pahintulot" upang isaad kung alin sa mga item sa itaas ang iyong pinahihintulutan.